Opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute
Regional Training Center - CaLaBaRZon

# SIKLAB

Ikapitong Isyu | Enero - Hunyo 2020

## ATI@HOME

### Agricultural Technologies thru Internet @ Home



**Mga Nilalaman**

**2** Patnugutan / Talaaan ng Nilalaman
**3** ATIng Paglingap: Tulong sa mga Biktima ng Pagsabog ng Bulkang Taal
AgriKuwento ng Pag-asa at Inspirasyon
**4** Agrikultura sa Lucena sa Gitna ng Hamon ng Covid-19
Patuloy na Tulong sa Magsasaka, Ibinibigay sa Panahon ng Pandemya
**5** Farmer Cooperator, Namigay ng Libreng Pananim sa Panahon ng Pandemya
Mobile Palengke: Inisyatibo ng Cavinti
**6** Sustenableng Pag-aalaga ng Baboy: Adhika ng LB Pig Raisers sa Komunidad
**8** Agrikultura sa Panahon ng Pandemya
**10** Pinakamahabang 75 na Araw
KOMOREBI
**12** RCEF Info Caravan, Isinagawa na
Proyektong "Adopt a Community", Pinag-uusapan na
**13** Share Your Garden
**14** MoCa Farm, Pinaka-unang ESP FITS Center sa Rehiyon
Online na Gabay sa Produksyon ng Iba't Ibang Gulay
**15** Schedule of ATI@Home Live Seminars (June – October 2020)
**16** Accomplishment Report for 1st Semester 2020

**Patnugutan**

Tagapayo:
*Marites P. Cosico*
*Mariel Celeste C. Dayanghirang*

Punong Patnugot:
*Rolando V. Maningas, PhD*

Tagapamahalang Patnugot:
*Jamila Monette B. Balmeo*

Mga Manunulat:
*Maridelle G. Jaurigue*
*Janine L. Cailo*
*Jamila Monette B. Balmeo*
*Crissel A. Tenolete*
*Izy S. San Jose*
*Rosebelle F. Castrillo*
*Dexter Z. Landicho*
*Lailah T. Samidon*

Disenyo / Layout:
*Dale Andre F. Cailer*
*Earl Jerome F. Dimapilis*

Opisyal na Pahayagan ng Agricultural Training Institute Regional Training Center - CaLaBaRZon

SIKLAB

This publication is a semestral summary of news and updates in the Agricultural and Fishery Extension published by the Agricultural Training Institute - CaLaBaRZon, an attached agency of the Department of Agriculture

Write to us in this email: atirtc4a@gmail.com for comments, feedback and suggestions

Follow us!
www.ati.da.gov.ph/ati-4a
046-419-0210
ATICalabarzon
@aticalabarzon
@aticalabarzon

**NEWS**

# ATING PAGLINGAP: TULONG SA MGA BIKTIMA NG PAGSABOG NG BULKANG TAAL

Maridelle G. Jaurigue



**San Luis, Batangas** – Sa loob ng higit tatlong dekada, patuloy na naghahatid ng serbisyong pang-agrikultura at pangisdaan ang Agricultural Training Institute (ATI) sa mga magsasaka, mangingisda at iba pang sektor.

May temang, "*ATing Paglingap*", ipinagdiwang ng ATI sa CALABARZON ang ika-33 anibersaryo ng Institusyon sa pamamagitan ng isang *community outreach program* noong ika-21 ng Enero, para sa mga biktima ng pagsabog ng bulkang Taal.

Namigay ang mga kawani ng *relief packs* na naglalaman ng hygiene kits (tuwalya, *shampoo*, sabon pang-laba at pang-ligo, timba, tabo, *toothpaste* at *toothbrush*), banig, *comforter*, at mga damit. Tinanggap ng evacuees mula sa mga bayan ng Taal, San Nicolas, Agoncillo at Lemery ang relief packs na pansamantalang naninirahan sa mga pamilya sa Barangay Abiacao at San Isidro, San Luis, Batangas.

"Pitong (7) araw na kami dito simula nung pumutok ang bulkan (Taal). Ang inaalala namin ay kung paano [makababangon] ang Batangas. Pero sisikapin naming bumangon at bumawi," kwento ng isang evacuee na si Shiela Magsumbol, 43, mula sa bayan ng Lemery.

Nagpapasalamat naman ang ATI CALABARZON sa mga extension partners at ilang suppliers na nagpaabot ng tulong pinansyal at kagamitan para sa mga naapektuhan ng nasabing kalamidad.



## AGRIKUWENTO NG PAG-ASA AT INSPIRASYON

Jamila Monette B. Balmeo




Nang ipatupad ang Enhanced Community Quarantine (ECQ) sa bansa dala ng pangamba na dulot ng Corona Virus Disease 2019 o Covid-19, lahat ay pinayuhang manatili sa loob ng bahay para maiwasan ang pagkalat ng nasabing sakit. Marami ang gumamit ng social media at e-learning platforms sa trabaho at iba't ibang online activities. Ang iba naman ay nahikayat magtanim sa kanilang bakuran para magkaroon ng sapat at ligtas na pagkain sa panahon ng ECQ.

Bilang pagsuporta sa Plant. Plant. Plant. Program ng Kagawaran ng Pagsasaka, pinangunahan ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ang AgriKuwento, isang online video contest na naglalayong maibahagi ang maiksing kwento sa loob ng isa hanggang dalawang minuto tungkol sa sariling karanasan sa pagtatanim ng gulay sa sariling bakuran. Ang AgriKuwento ay bukas sa mga indibidwal na nakatira sa Rehiyon IVA na may sariling taniman ng gulay sa kanilang bakuran.

Dalawang (2) batches ng AgriKuwento ang naisagawa ng ATI CaLaBaRZon. Tig-limang (5) kalahok mula sa Batch 1 at Batch 2 ang nagwagi base sa pamantayang inilahad ng patimpalak. Ang mga nanalo ay nakatanggap ng papremyong "load" mula sa ATI CALABARZON. May kabuuang 25 official video entries mula sa AgriKuwento Batch 1 at 2 ang nai-post sa official Facebook page ng ATI-Rehiyon IVA.

**Top 5 winners ng Batch 1:**

1. April Joy Macatangay ng Los Baños, Laguna
2. Milane Bagsit ng Batangas City, Batangas
3. Sarah Jane Maurillo ng Lucena City, Quezon
4. Luis Quinsanos ng Tayabas City, Quezon
5. Mary Ann Maigue ng Kawit, Cavite

**Top 5 winners ng Batch 2:**

1. Michael Triviño ng Lucena City, Quezon
2. Jennifer Villamor ng Siniloan, Laguna
3. Jerry Jimeno ng Dasmariñas City, Cavite
4. Adrian Villanueva ng San Pablo City, Laguna
5. Isabel Rogel ng Catanauan, Quezon

Ang AgriKuwento ay sumusuporta sa layunin ng Kagawaran ng Pagsasaka na magkaroon ng seguridad at sapat na pagkain lalo't sa panahon ng Community Quarantine. Hinihikayat ng AgriKuwento na maibahagi ang karanasan ng bawat isa sa pagtatanim para magsilbing inspirasyon at leksyon sa mga nagnanais magsimulang magtanim. Nilalayon din ng AgriKuwento na mapalakas at dumami pa ang nagsasanay ng urban gardening sa CALABARZON.

Magkwento. Magengganyo. Matuto sa AgriKuwento!

## AGRIKULTURA SA LUCENA SA GITNA NG HAMON NG COVID-19

Rosebelle F. Castrillo at Dexter Z. Landicho, FITS Center Lucena City, Quezon




**LUCENA CITY, Quezon -** Sa kabila ng krisis dulot ng Covid-19, di nagpatinag ang Pamahalaang Lungsod ng Lucena sa pamamagitan ng Tanggapan ng Panglungsod na Agrikultor, katuwang ang Lucena City Farmers Information Technology Services (FITS) Center, sa pagbibigay ng mahahalagang impormasyon at serbisyo para sa mga magsasaka, mangingisda at kabataang Lucenahin. Patunay na ang iba't-ibang programa, proyekto at aktibidad na isinagawa ng tanggapan ay paraan para malabanan ang hamon ng Covid-19 ngayong napasailalim sa Enhanced Community Quarantine (ECQ) ang lungsod ng Lucena at mga karatig probinsya nito. Nakiisa ang tanggapan sa Kagawaran ng Pagsasaka sa programang Ahon Lahat, Pagkaing Sapat (ALPAS) kontra Covid-19 o Plant, Plant, Plant Program kung saan nakapagpamahagi ang tanggapan ng 15,775 pakete ng libreng buto ng gulay para sa humigit kumulang na 4,000 na kabahayan mula sa 28 barangay ng Lungsod. Dahil dito mas napaigting ang adhikain ng programa na magkroon ng sapat, ligtas at masustansyang pagkain sa hapag-kainan ng bawa't pamilya sa lungsod. Naging daan din ito upang mahikayat ang bawa't isa na magkaroon ng taniman sa kanilang bakuran. Patunay nga riyan ang aktibong paglahok ng mga Lucenahin sa patimplak ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON na **#AgriKuwento** sa social media, kung saan nagkamit ang mga kalahok mula sa lungsod ng ikatlong pwesto sa unang batch at unang pwesto naman sa ikalawang batch. Kaugnay nito, mas pinalawig pa ng tanggapan ang paghihikayat at pagtangkilik sa programang "Urban Agriculture" na may layuning makapagbahagi ng mga makabagong impormasyon at teknolohiya sa pagsasaka gayundin ang magbigay ng kaalaman ng mga oportunidad na dulot ng pagsasaka sa urbanisado at industriyalisadong lugar tulad ng Lucena City.

Katuwang ang Kagawaran ng Pagsasaka sa Rehiyon ng CALABARZON, Philippine Rice Research Institute (PhilRice), Land Bank of the Philippines, Agricultural Credit Policy Council (ACPC) at iba't-ibang Sangguniang Barangay sa Lungsod ng Lucena, namahagi ang tanggapan ng libreng binhi ng palay o "certified seeds" sa 12 barangay ng lungsod na may kabuuang bilang na 2,788 sako ng binhi ng palay sa ilalim ng programang Rice Competitiveness Enhancement Fund o RCEF. Isang daan at animnapu't anim (166) na sako ng "hybrid seeds" naman mula naman sa programa ng Rice Resiliency Project. Nakapaghandog din ng tulong pinansyal sa 683 na magsasaka ng palay kung saan tumanggap sila ng P5,000.00 mula sa programang Financial Subsidy for Rice Farmers (FSRF). Samantala, 12 magsasaka ang naging benepisyaryo ng P25,000.00 loan assistance mula sa programang SURE AID.

Bilang pagsuporta sa mga magsasaka ngayong humaharap ang lungsod at maging buong bansa sa isang epidemya, pinangunahan ng Tanggapan ng Panglungsod na Agrikultor ang pamamahagi ng libreng abono sa mga magsasaka ng palay, gulay at mais.

Ang progresibong pagkilala sa agrikultura at malaking pangangailangan ng mga tao sa pagkain ay malaking oportunidad para sa mga kabataang magsasaka na higit na makita ang kahalagahan ng pagsasaka at gawin itong negosyo. Sa katunayan, ang bawat samahan na bumubuo sa Lucena City 4-H Club ay nagtayo at patuloy na nagsasagawa ng kanilang mga halamanan sa kanilang komunidad. Layunin ng bawat samahan na matugunan ang pangagailangan sa pagkain ng kanilang komunidad at maging bahagi ng solusyon sa problemang ito.

## PATULOY NA TULONG SA MAGSASAKA, IBINIBIGAY SA PANAHON NG PANDEMYA

Izy S. San Jose, FITS Center Teresa, Rizal

Patuloy ang ibinibigay na tulong sa mga magsasaka sa bayan ng Teresa, Rizal sa pangunguna ng Pamahalaang Bayan, katuwang ang Municipal Agriculture Office sa pamamagitan ng Farmers Information and Technology Services (FITS) Center at Kagawaran ng Pagsasaka sa panahon ng pandemya ng Covid-19.

Una na rito ang pamimigay ng mga libreng binhing gulay tulad ng pechay, mustasa, kangkong, okra, kamatis at sitaw sa mga mamamayan nito na nagnanais magtanim sa kanilang mga bakuran sa panahon ng Enhanced Community Quarantine. Ito ay bilang tugon na rin sa programang Plant, Plant, Plant Program o Ahon Lahat, Pagkaing Sapat (ALPAS) kontra Covid 19 ng Kagawaran ng Pagsasaka.

Layunin nito na mahikayat na magtanim ng mga sari-saring gulay sa panahon ng pandemya nang sa gayon ay makatulong na matugunan ang seguridad ng pagkain gayundin upang may mapagkunan ng ligtas, masustansya at agarang pagkain. Sa katunayan, mahigit sa 551 katao ang nabahaginan ng mga binhi. Marami na rin sa kanila ang nakapag-ani at napakinabangan ang naitanim na gulay. Patuloy pa rin ang pamamahagi ng mga binhi sa mga Teresañong nahihilig sa pagtatanim.

Bilang bahagi ng Rice Resiliency Program ng Kagawaran ng Pagsasaka, namigay rin ng libreng binhi ng palay (inbred at hybrid) na may kabuuang 197 kaban sa 216 na magsasaka ng Teresa para ngayong tag-ulan. Ito ay may kasama ring libreng pataba. Ang mga nakatanggap ng hybrid na binhing palay ay nakakuha ng libreng



tatlong sakong urea kada ektarya at ang nakatanggap naman ng inbred na binhing palay ay nakakuha naman ng libreng dalawang sakong urea. Bilang ambag naman ng magsasaka, bumili sila ng dalawang sakong pataba kada ektarya para sa lupang kanilang sinasaka.

Tatlumpu't walong (38) magsasaka naman ang tinulungan ng FITS Center Teresa upang makakuha ng pautang sa ilalim ng Expanded Survival and Recovery Assistance-SURE Aid Loan Program kung saan makakautang sila ng halagang P25,000.00 na babayaran sa loob ng 10 taon. Ito ay programa ng Department of Agriculture-Agricultural Credit Policy Council (DA-ACPC) sa pakikipag-ugnayan sa partner lending conduit sa lalawigan ng Rizal, ang Most Holy Rosary Multi-Purpose Cooperative. Layunin ng programa na mabigyan ng tulong pinansyal ang mga magsasaka na naapektuhan sa panahon ng Covid-19 pandemic.

Lubos na pasasalamat ang ipinaabot ng mga magsasaka at mamamayan ng Teresa sa Tanggapan ng Pambayang Agrikultor, sa Pamahalaang Bayan ng Teresa at sa Kagawaran ng Pagsasaka sa patuloy na pagtulong sa kanila.

NEWS

## FARMER COOPERATOR, NAMIGAY NG LIBRENG PANANIM SA PANAHON NG PANDEMYA

Maridelle G. Jaurigue



Namahagi ng libreng pananim si Ginoong Sanny Buncha ng Bunch Farm, isang Learning Site for Agriculture ng Agricultural Training Institute (ATI) sa CALABARZON.

Ang mga "ready-to-plant" na pananim ay ipinamigay ni Buncha sa Lucena City at ilang karatig-bayan nito. Ayon kay Buncha, nakita niya ang pangangailangan sa seguridad ng pagkain sa mga komunidad sa panahon ng krisis, lalo't higit dahil ipinatupad ang Enhanced Community Quarantine (ECQ) sa Luzon simula ika-17 ng Marso.

Sa tulong ng Agricultural Program Coordinating Office sa Quezon at isang kaibigan mula sa pribadong sektor, naging matagumpay ang inisyatibo ni Buncha. Nakatanggap din siya ng mga positibong tugon mula sa mga nakatanggap ng pananim na nagsimula nang gamitin ang kanilang mga espasyo sa bakuran upang gawing "edible landscapes".

Higit-kumulang 10,000 pananim na gulay ang naipamahagi ng grupo ni Buncha sa mga residente ng Rehiyon IV-A.

## Mobile Palengke: Inisyatibo ng Cavinti

Lailah T. Samidon, FITS Center Cavinti, Laguna




Sa panahon ng pandemya, inilapit ng pamahalaang bayan ng Cavinti, Laguna ang mga produkto ng mga magsasaka at mangingisda sa mga mamamayan sa pamamagitan ng paglulunsad ng Mobile Palengke. Nang dahil dito, hindi na kinakailangan ng mga mamamayan na pumunta sa pamilihang bayan upang bumili ng mga gulay, karne, isda at iba pa.

Upang maisagawa ang Mobile Palengke, nagbigay ang Pamahalaang Bayan ng puhunan sa kooperatiba ng Samahang Magbubukid Angat Pangkabuhayan (SMAP) na siyang nangasiwa sa pagbili at pagbebenta ng mga produktong agrikultura ng mga magsasaka.

Araw-araw, lumilibot ang mobile palengke sa mga barangay upang magbenta sa bahay-bahay at mamili ng mga produkto ng mga magasaka. Nang dahil dito, hindi na nahihirapan ang mga magsasaka na ibenta ang kanilang mga produkto. Naiwasan rin ang palagiang paglabas nga mga mamamayan. Laking pasasalamat ng mga mamamayan lalo na ng mga nasa malalayong sitio ng bayan ng Cavinti.

FEATURE STORY

# SUSTENABLENG PAG-AALAGA NG BABOY: ADHIKA NG LBPIG SA KOMUNIDAD

Maridelle G. Jaurigue

Nakasaad sa *Implementing Rules and Regulations* (IRR) sa pag-poproseso ng aplikasyon sa pagtatayo ng manukan at babuyan na ang mga ito ay dapat itayo sa mga agricultural zones, sa labas ng mga sentrong pook. Kinakailangan din na ito ay nakalagak, 25 metro palibot sa mga mapag-kukunan ng malinis na tubig.

Isang pangunahing isyu sa pagtatayo ng babuyan sa mga sentrong pook ay ang mabahong amoy mula sa dumi ng mga alagang baboy.

Ngunit sa siyudad ng Los Baños sa Laguna, pinamamahalaan ng isang samahan ng magsasaka ang isang babuyan sa Barangay Timugan, isang residential na komunidad.





## ANG SUSTAINABLE PIG FARMING (SPF)

Ang Los Baños Natural Pig Raisers Association (LBPig) ay kasalukuyang gumagamit ng pamamaraang SPF (Sustainable Pig Farming) o "Babuyang Walang Amoy." Ito ay isang paraan ng pag-aalaga ng baboy na rekomendado ng Department of Agriculture-Agricultural Training Institute (ATI) at ng mga Regional Training Centers nito, kabilang ang ATI sa CALABARZON.

Sa pamamaraang SPF, isinusulong ang sustenable at may pangangalaga sa kalikasan na paraan ng pag-aalaga ng baboy, kung saan gumagamit lamang ng natural na mga materyales sa paggawa ng pabahay at sahig nito, pakain at natural na pamuksa sa sakit ng baboy.

Ayon sa Presidente ng LBPig na si Ginoong Crisologo "Bong" Angeles, "para sa akin ay maganda itong natural pig farming. Sa aming barangay ay hindi pinapayagan ang pag-aalaga ng baboy. Pero pinipilit namin na sabihin doon sa kapitan na ito'y pinapayagan ng DA dahil ito'y walang amoy at walang epektong masama sa kalikasan."

Isang mahalagang aspeto sa paraang SPF ay ang paggamit ng *deep litter system* sa paggawa ng pabahay ng mga baboy. Sa paraang ito, gumagamit ng mga katutubong materyales kagaya ng kawayan, kahoy at *hollow blocks* bilang pundasyon ng bahay; nipa, anahaw at kogon naman para sa bubong; *wood chips*, bunot ng niyog, mga hibla ng niyog, ipa at iba pang organikong materyal naman sa sahig ng kulungan.

Sa ganitong uri ng pabahay o kulungan, makakamtan ang *zero waste practice* dahil ang dumi ng baboy ay hahalo sa mga materyal na ginawang pansahig ng kulungan, na kalaunan ay maaaring gawing *compost.*

Hindi rin magiging problema ang mabahong amoy at di na rin kakailanganin na paliguan ang mga baboy o linisin ang kulungan ng mga ito, na isa sa matrabahong gawain sa pag-bababuyan.

Ang nabanggit na paraan ng pamamahala ay may mabuting dulot sa pangkalahatang kalusugan ng mga alagang baboy dahilan sa kumportable sila kahit sa panahon ng tag-init. Ma-oobserbahan din ang kanilang natural na pag-uugali kabilang ang *"rooting"*.

Ang mga baboy na pinalalaki sa pamamaraang SPF ay unti-unti ring pinapakain ng natural na pakain, kabilang ang mga *fermented juices*, mga halamang-pakain, darak, butil ng mais, soya at iba pa. Ang mga *fermented juices* na maaaring ihalo sa pagkain ay *Fermented Plant Juice* (FPJ), *Fermented Fruit Juice* (FFJ), *Fish Amino Acid* (FAA) at *Lactic Acid Bacteria Serum* (LABS).

FEATURE STORY

Ang mga rekomendadong *concoctions* na karaniwang inihahalo sa natural na pakain ng baboy. Ito ay magandang pinagkukunan ng kinakailangang sustansya at nutrisyon ng baboy sa kanilang paglaki.

## LBPIG: NAGSISILBING MABUTING HALIMBAWA SA KOMUNIDAD

Ang LBPig ay naitatag noong ika-7 ng Setyembre 2018, sa pagtutulungan ng Agricultural Training Institute – Calabarzon at Tanggapan ng Pambayang Agrikultor ng Los Baños. Sa kasalukuyan, ang samahan ay may 40 aktibong miyembro, na nagsipagtapos mula sa dalawang serye ng pagsasagawa ng Farmers' Field School (FFS) ukol sa SPF.

"Ang layunin ng LBPig ay mapalawak ang SPF at dumami ang mga miyembro na gumagawa ng ganitong pamamaraan sa pag-aalaga ng baboy," diin ni Presidente Bong.

Sa patnubay at suporta ng Tanggapan ng Pambayang Agrikultor ng Los Baños, nagsagawa sina Presidente Bong at mga kasamahan ng isang pangkat ng FFS training sa kanilang komunidad na tumagal mula Agosto hanggang Oktubre 2019. Ang mga orihinal na miyembro ang nagsilbing tagapagtalakay at tagapagpadaloy ng linggo-linggong pagsasanay sa FFS.

Ani Rosa Villegas, 41 taong gulang at isa sa mga tagapagsanay, ipinagmamalaki niya at ng kanilang mga kasamahan ang adhikaing ito ng kanilang grupo.

"Masarap po sa pakiramdam kasi marami silang nakikinig, and nakaka-pag share din po kami ng knowledge tungkol sa pag-aalaga [ng baboy sa natural na pamamaraan]. Marami na rin kaming nahikayat, 'yung mga kapitbahay namin," kuwento ni Rosa.

Samantala, ayon kay Liza Daculong, isa ring aktibong miyembro mula sa Barangay Timugan, nakatulong sa kanyang pagsali sa FFS na malampasan niya ang *phobia* sa mga baboy.

"Noong bata ako, hinabol ako ng baboy. Sabi ko, ayoko ng baboy, takot na ako. Simula nung mag-alaga kami at matuto ako, hindi na ako takot. Mababait pala sila," masayang kuwento ni Liza.

Sa kasalukuyan ay may 1,700 metro kuwadradong babuyan si Liza sa kanilang barangay. "Isinabay po namin sa pag-aaral ng FFS ang p ag-papagawa ng kulungan," aniya. Isa rin siya sa mga tumanggap ng pig *dispersal project* mula Tanggapan ng Pambayang Agrikultor at Opisina ng Panlalawigang Agrikultor.



## PAGSUSULONG NG NATURAL NA PANGANGALAGA NG BABOY



Naniniwala si Presidente Bong na ang natural na pangangalaga ng baboy ay isang malaking potensyal na pagkakakitaan para sa kanilang komunidad.

"Para sa akin ay maganda itong pamamaraan na ito dahil backyard naman ang target natin dito. Maraming bahay [household] ang magkakaroon ng sideline na pagkakakitaan, na kung sila ay may lugar o space, pwede silang mag-babuyan."

Kasabay ang pagsusulong ng sama-samang pag-unlad, kasama rin sa plano ng grupo ang gawing kooperatiba ang kanilang samahan upang maging isang sustenable at progresibong kabuhayan ito para sa bawat miyembro.

"Mayroon na kaming official meetings, may mga nailagay na rin [miyembro] sa mga posisyon. Seminar at papers na lang ang kulang," ayon kay Presidente Bong.

Layunin nila na hikayatin ang lahat ng mag-bababoy sa Los Baños na bumalik sa natural na pamamaraan at yakapin din ang SPF practice.

Bukod sa mas mataas na kita at pagpapahalaga sa kalikasan, ang mga SPF *practice adopters* ay makatitipid sa pakain ng mga baboy, at makakukuha ng mas mataas na kalidad ng karne ng baboy, dahilan kung bakit ang SPF ay isang kumikitang kabuhayan sa backyard at *commercial setting*.



COVER STORY

## AGRIKULTURA SA PANAHON NG PANDEMYA

Crissel A. Tenolete

Mainit na kanin sa hapag tunay ngang kay sarap. Sasabawan mo pa ng monggo, ka-ulam nito'y pritong galunggong o 'di kaya ay manok. Anong saya kung sa araw-araw ay may hain sa mesa; kung walang kumukulong tiyan sa bawat araw na nagdadaan.

Ilang buwan na rin nang magsimula ang lockdown. Buhat ng kalaban na hindi natin nakikita, tayong lahat ay napilitang iwanan ang nakasanayan. Kung noon ay malaya tayong nakalalabas upang magtrabaho, mamili, at mag-aral, ngayon ay limitado na. Bawat galaw dapat kalkulado. Isang metro. Distansya sa kapwa ay marapat na panatilihin. Dalawampung segundo. Siguraduhin na malinis ang mga kamay na siyang ating gamit lalo na sa pagkain.

Marami na ang nagbago. Marami pa ang magbabago, ngunit hindi ang pangangailangan natin ng masustansya at ligtas na pagkain.

Nagkaroon man ng serye ng pamimigay ng pagkain sa bawat pamilya, ang mga lokal na pamahalaan, nandoon pa rin ang katotohanan na ito ay limitado kung kaya ang ilan sa ating mga kababayan ay nagpupunta pa rin sa mga pamilihan. Ang iba ay para sa pansariling konsumo, samantalang ang iba naman ay para ipagbili sa mga nasasakupan. Mayroong mga nahihirapan kung paano makapupunta sa mga palengke sapagkat nagkaroon ng tigil pasada. Ang iba ay nagtitiis ng malayong lakarin, samantalang ang iba ay nagpapasabay sa mga kakilala. Sa ano pa mang pamamaraan, hanap natin ay ang ipanlalaman sa mga kumakalam na sikmura. Sinusuong ang lansangan kahit pa batid ang kapahamakan.

Dahil dito, nagsagawa ang Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ng mga libreng pagsasanay patungkol sa agrikultura. Sa pamamagitan ng online platform na Facebook, inilunsad ng nasabing sentrong pasanayan ang Agricultural Technologies thru Internet at Home na mas kilala sa tawag na ATI@HOME. Hinahangad ng programa na makapagbigay kaalaman tungkol sa agrikultura sa mga nagnanais na mag-umpisa ng kani-kanilang taniman sa bakuran ng kanilang tahanan.

Walo na ang natapos na mga online seminar mula nang sinimulan ito noong Abril 8 at may natitira pang pito (7) na webinar hanggang Oktubre. Sa nakalipas na dalawang buwan, narito ang mga seminar na natapos kasama ang mga naging eksperto sa kani-kanilang mga larangan:

1. Container Gardening ni Brian A. Belen
2. Home Composting and Plant Food Supplements 101 ni Brian A. Belen
3. Homemade Insect Spray and Pest Management Technique ni Reden Costales
4. Hydroponics ni Diego Roxas
5. Mushroom Gardening and Processing ni Kiko Domincel
6. Herbs and Spices ng OPA Quezon
7. Edible Landscaping ni Bryan Apacionado
8. Fruits and Vegetable Processing and Production ni Gloria "Gigi" Morris

Bawat ATI@HOME ay tunay na tinangkilik at kinagiliwan ng mga kalahok. Tapos na ang mga seminar ngunit hindi pa rin nagtatapos ang pag-aaral sa loob ng binuong Facebook group ng bawat paksa. Nandoon pa rin ang pagbabahagi ng mga eksperto sa




kani-kanilang larangan sa agrikultura na siyang ikinatutuwa ng mga kalahok.

Hindi man direktang sagot ang mga seminar sa kakainin sa bawat araw, ito naman ay nagbigay daan upang mapalawak ang kanilang mga kaalaman at gamitin ang mga ito sa kanilang taniman. Sa isa pang online na proyekto ng ATI CALABARZON na "Share Your Garden", makikita ang mga taniman ng mga naging kalahok ng ATI@HOME. Mayroong mga bagong simula pa lamang na nagtanim ng kamatis at iba pang mabilis anihin. Mayroon ding may mga taniman na bago pa ang seminar na nakatulong pa rin sa kanila sapagkat mayroong mga eksperto na nagbahagi ng kanilang karanasan at kaalaman.


Sa ganitong pamamaraan, ay makikita natin ang kahalagahan ng agrikultura. Sa mga sarili nating bakuran ay maaari tayong makapagpatubo ng mga gulay na maaari nating ihain sa hapag kainan. Mula sa pagtatanim hanggang sa pagproseso ng mga ito ay maaari nating matutunan sa ATI@HOME.



Kaya ano pang hinihintay nyo? Patuloy na subaybayan ang ATI CALABARZON official Facebook page para sa iba pang proyekto patungkol sa agrikultura na makatutulong sa atin na suungin ang new normal na dala ng pandemya. Makakapag-aral ka na, ligtas pa sa bayrus, ligtas din ang kakainin at abot kamay lang dahil nasa sariling mga bakuran.

COVER STORY


# ATI@HOME ANALYTICS DURING COMMUNITY QUARANTINE






**15,545** Registered PAX
**8** ATI@HOME Live Seminars
**4,916** E-Certificates Issued

## TOTAL & PEAK VIEWS OF ATI@HOME LIVE SEMINARS



SHARE YOUR STORIES

## PINAKAMAHABANG 75 NA ARAW

Pinakamahabang 75 na araw… maaring nasambit ng marami noong nagdaang "quarantine" dulot ng pandaigdig na pandemya.

Iba't-ibang karanasan, samu't-saring emosyon at kaisipan. Kung kaya't nagpatimpalak sa mga kawani ng ATI-Region IVA. Sampung (10) kawani ang tumugon sa hamon, naglahad ng kanilang mga saloobin at ang mga ito ay sina:

- Geelyn Mercado, Accountant I (Komorebi)
- Arianne Guerra, Project Management Assistant (Chaos Inside my Head)
- Crissel Tenolete, Information Officer I (Rollercoaster Ride)
- Roy Roger Victoria, Media Production Specialist II (Amidst the Pandemic)
- Maridelle Jaurigue, Media Production Specialist II (Of Ukelele Covers and Stargazing)
- Janine Cailo, Information Officer II (Mga Isipin ni Jaja: Isang Narrative ng Over Thinker)
- Marian Lovella Parot, Training Specialist I (Salamat, Laban 2020)
- Jamila Balmeo, Information Officer II (WFH: Work and Family at Home)
- Darren Bayna, Project Management Assistant (Pag-asa sa Likod ng Pandemya)
- Ric Arreza, Development Management Officer I (Opportunities and Threats)

Mga kakaibang istorya ng pagkabagot, kalungkutan, takot, kalituhan, kasawian, pagpapahalaga, pagmamahal sa sarili, pamilya, sa kapwa at sa trabaho, pagbangon, bagong pag-asa, mga realisasyon at aral na napulot, ang nilaman ng mga istoryang ipinasa. Ang tatlong nakakuha ng pinakamataas na grado ay ang mga pamagat na Komorebi ni Geelyn Mercado, Rollercoaster Ride ni Crissel Tenolete at Of Ukelele Covers and Stargazing ni Maridelle Jaurigue.

Namukod-tangi ang "KOMOREBI", sabay-sabay po nating basahin ang obra ni Bb. Geelyn Mercado, Accountant ng ATI-Region IVA.


Geelyn Mercado


Maridelle Jaurigue


Crissel Tenolete

## KOMOREBI

Geelyn Mercado



Life is always what it seems to be; a gift, a battle of survival, unfair, incomplete, unfulfilled. Life has always missed out something in every people, or maybe people missed out something in life.

We usually ask "why is this happening", when things come out of hand. I am a believer of "everything happens for a reason", "the universe conspires to it, at all", and "Maktub". Maktub is an Arabic phrase which means "It is written". I have encountered it twice in my life; first, from one of my favorite movies and second, from my favorite book, and from then on, I have always used the phrase to cling on my creed. I, too, have experienced another twice in my life, tragedies.

8th of April 2017, only two hours was left before our comprehensive examination ended, when suddenly, simultaneous trembling and shaking occurred, a 6.0 magnitude earthquake. I only remembered protecting my weeping best friend from any debris that might come falling, while running away headlong in panic. We, at that moment thought about dying, and prayed that it won't happen, it can't be now.

Months of earthquake swarm keep up with the everyday lives of the Batangueños and everyone nearby. Three years later, 12th of January 2020, Taal Volcano, which is about 25 kilometers away from the tremendous earthquake's epicenter, erupted after years of inactivity. This is a disaster, a tragedy, something bad, unwanted but inevitable. She came sleeping and snoring around for years of calm, but now, she has awakened, maybe disturbed or mad like a man; loud, furious and unpleasant things come out of its mouth. People, nature and the universe coexisted as early as the beginning, thus, we can expect anything in return from them. When we hurt them, they can destroy us. When we die, either the soil or the sea will embrace us to rest in peace. Nature at its finest, this is indeed, where we belong.

Some are saying human nature is evil, some say the other way around. However, during any disaster or adversity coming, it is understandably, the time when everyone should come helping each other, like a wolf pack getting into vicious fights with each other, and rescuing his own kind during a rampage, but everyone is different. Alike from a wolf pack, humans have a sophisticated group hierarchy. There are the Alphas and the Omegas. I have an objection to the hierarchy of social classes of human, though; from the generalization and categorizing groups of people with their current socioeconomic status to social inequality and injustice.

As for the Philippines, we have three primary social classes: the low-income class, the middle-income class and the high-income class and we became more aware of those classes and the people who belong to it during this COVID-19 pandemic, which unlike earthquakes and volcano eruptions, did not come by surprise to the Philippines, yet remain unwanted. We came in contract with this infectious disease on January 2020, afterwards a total lockdown. Then again, low-income class or the poor, are the most affected and vulnerable people, during any kind of

**KOMOREBI**



tragedies. They have bigger families, mostly living in an uncomfortable environment and with scarce resources and are already suffering from a normal day of their lives, struggling to make a way of living, with their own individual circumstances. How can they survive alone, when they can't even go to their jobs, to earn a little more, to feed their children and elderlies? We should help them; we can help them. On the other hand, some people, blamed the poor for their sufferings, creating unnecessary virtual wars. It is terrible, hearing every insensitive words and phrases from your own people; their actions being the face of their minds, having no sympathy. Life is harder than we thought and it can't get easier when we keep pulling each other down. Change. It is not entirely their fault, being born from poor families, having no large-scale opportunities to live. They are striving much more than we do. They have dreams, too; dreams of at least, having enough food to eat, comfortable home to live in, dreams of getting a decent and stable job to give their children everything they need, more simple dreams and bigger things; reasons they keep fighting for life, so why do we mock people who certainly just want to survive?

For some, living was about mundane chores, getting a job and fulfilling the endless cycle of earning money, finding a lover and bringing up a family to uphold the legacies of everyone who came first. Others are living because they are alive, but some has ended it because they can't go on just being alive. Suicide during a pandemic, is one of the causes of death we might encounter, unannounced. It is harder to keep yourself lucid and sane than to keep yourself in good physical shape in these trying times. Our mind and soul will be fed up of serious problems we were never aware of or problems we usually leave behind. We will end up thinking and thinking every single thing that came up; the good, the bad and the ugly. Being jobless, helpless and hungry can make a madman out of it. Losing loved ones amidst pandemic, too, is adding up miseries in every home of the departed. People who died a hero or not, will always be the same to their families; a great loss, a missing piece and a never-ever-going-back friend and company. I too, have been engulfed with thoughts I have kept for so long and thoughts I have never been with, mostly empty. Somehow, I understand why people choose to end their lives. We cannot judge them for deciding their end because we never knew and understood anything, at all. Emptiness and helplessness are the most unbearable feeling I have ever felt, nearly, losing the point of my existence, but I am more than grateful to have my families, our home, my friends, music and my books to keep my sobriety. Perhaps, I can win against this negativity lingering around the situation, but how can I help the people to keep fighting for life and survive? I need to tell them "This is life, life will give you the victory you deserve and the beatings, too, so keep up your fight, try to cling onto looking for your Personal Legend, take home your bacon and share it then".

I want to share this meaningful excerpt, too, a beautiful interpretation of natural dualism and interrelated universe, from a book I have read, A Warrior of the Light by Paulo Coelho:

"The Warrior of the Light has learned that God uses solitude to teach us how to live with other people. He uses rage to show us the infinite value of peace. He uses boredom to underline the importance of adventure and spontaneity. God uses silence to teach us to use words responsibly. He uses tiredness so that we can understand the value of waking up. He uses illness to underline the blessing of good health. God uses fire to teach us about water. He uses earth to explain the value of air. He uses death to show us the importance of life."

The Yin and Yang. Every bad thing that takes place each in every moment has its good reciprocal. Every person we meet may come and go, leaving us good memories and an aching heart, lessons and fresh starts. Each step forward, may always need a slowdown. Life just like the moon will go through phases and like the sun has its sunrises and sunsets. People are in different colors of life; they may be in their darkest colors this time but the shade will always fade to its lightest and will bring the most beautiful canvas ever made, just let go and let God finish it and never give up.

Sometimes, I unintentionally raise my hands in the air, as if I am reaching something I can't see; a feeling of ease and courage at the same time, like someone has asked to help you when you needed it. I am also having compounded dreams, maybe a show up of parts of my parallel universe or a view of adventures awaiting in my mind. I also fancy the scenic picture of sunlight passing through the leaves of the trees, as if filtering the amount of light touching the ground, leaving lovely rays around, KOMOREBI. Those signs of hope I felt with my hands, nature and the universe, gave me a show of great living, a good fight. We should appreciate every single creation that exists; the tangible and the unseen, may it be a friend or a foe, and the messages it brings, because it is the little things that will bring you to your entirety.

Year 2020 of the Gregorian calendar, year of the metal rat, the 20th year of the 21st century and the first of a decade, the year with dazzling numbers of technology predictions, the future and the gateway beyond the third millennium, are the many beautiful names given for this year; hence, another gift of beginnings, trials and triumphs. I hope for the many possibilities to arrive, as the year goes by. This isn't a totally messed up year, though, just too challenging from the beginning yet purposeful, and we should give it a good tough fight, a dare accepted. We should bring everybody to fight, for a warrior cannot win alone; to outshine and beat the gloom together. Let us struggle more and win most for it is a never-ending battle of survival we are fighting, dreamers. Let us bring our hearts toward helping hands and believe more to each other, for it will always be the greatest weapon we can hold on, with a whisper of prayer for the graces and sacrifices being shown. And let us always remember that we can bring everyone in the world to its best places, when we make ways and take a stand to fight for the right, embrace the good and took account of the bad. This is LIFE, indeed.

Still, have you ever wondered how amazing it was; a definite word having an infinite meaning. Have you already known the meaning of your life, your purpose, your Personal Legend? Are you taking your time? For I have yet to know for myself, too, but I will, because, Maktub, it is written. For now, I just want to help myself, anyone, share my story, and my life, to break my barriers and burdens, and live my life to the fullest.

NEWS

### PROYEKTONG "ADOPT A COMMUNITY", PINAG-UUSAPAN NA

Crissel A. Tenolete



**TRECE MARTIRES CITY, Cavite** - Nagkaroon ng pagpupulong sa pagitan ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON at City Agriculture Office ng Trece Martires tungkol sa proyektong "Adopt a Community" noong Hunyo 10, 2020.

Sa pangunguna ni Soledad Leal, Organic Agriculture Focal Person ng ATI CALABARZON, at Gng. Corazon Sidamon, City Agriculturist ng Trece Martires, pinag-usapan ang proyektong hatid sa mga mamamayan ng Brgy. Hugo Perez at Brgy. Lapidario. Ang nasabing proyekto ay naglalayon na magtayo ng community garden sa mga barangay upang ipakita ang pamamaraan ng urban gardening at upang isama ang pagtatanim sa pang-araw-araw nilang pamumuhay.

Ayon kay Leal, 100 household mula sa mga nasabing barangay ang magiging benepisyaryo ng proyekto. Sila rin ay makatatanggap ng mga pagsasanay nauukol sa vegetable production technologies at market development. Dulot ng COVID-19, ang mga pagsasanay ay gagawin nang may 10 benepisyaryo lamang kada sesyon upang maiwasan ang paglaganap ng sakit. Ang mga pagsasanay ay magsisimula sa Hulyo.

### RCEF INFO CARAVAN, ISINAGAWA NA

Crissel A. Tenolete




**QUEZON province** - Upang mas mapalawak ang kaalaman ng mga magsasaka patungkol sa Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF), nagsagawa ng Information Caravan ang Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON sa lalawigan ng Quezon noong ika 9 hanggang 13 ng Marso, 2020.

Sa nakaraang Information Caravan, mahigit 500 magsasaka ang dumalo at nakilahok na nagmula sa mga sumusunod na mga bayan: Real, Polillo, Atimonan, Sampaloc, Mulanay, Buenavista, Perez, San Francisco, Catanauan, Macalelon, Agdangan, at General Luna. Sa pamamagitan ng mga representative mula sa mga ahensyang magpapatupad ng programa, ipinaalam sa mga magsasaka ang apat na component ng RCEF - Seed Component (PhilRice), Mechanization Component (PhilMech), Credit Component (Land Bank/Development Bank of the Philippines o DBP) at Extension Component (TESDA/ATI). Tinalakay din ang mga benepisyong makukuha mula sa programa. Matapos ang talakayan ay nagkaroon ng open forum kung saan malayang nakapagtanong ang mga magsasaka.



# SHARE YOUR GARDEN

by ATI CaLaBaRZon staff

Ang mabilis na paglaganap ng Corona Virus disease o COVID-19, ay pandemyang kasalukuyang kinakaharap ng Pilipinas at maging ibang bansa sa bawat panig ng mundo. Ito ay nagdulot ng panganib sa kalusugan at buhay ng mga tao at gayundin sa ekonomiya. Ang ilang hakbang upang makontrol ang paglaganap sa sakit na COVID-19 ay ang pananatili sa tahanan upang maiwasan ang pakikihalubilo sa ibang tao at pagkalat nito.

Bilang tugon ng Agricultural Training Institute Region IV-A sa programa ng Department of Agriculture na "Ahon Lahat, Pagkaing Sapat (ALPAS) Laban sa COVID-19" o mas kilala na "Plant. Plant. Plant. (PPP) Program", ang mga kawani ng ahensya ay nagtanim ng mga gulay sa kanilang mga bakuran.

Sa programang PPP, nilalayon nito na masiguro ang seguridad ng pagkain sa bansa lalo na sa pandemyang nararanasan ng mga Pilipino. Kabilang dito ay ang pagpapalaganap ng urban agriculture sa bawat panig ng bansa.

Ang urban agriculture ay isang pamamaraan ng pagtatanim sa mga lugar na may kakulangan sa espasyo tulad ng mga bayan o lungsod na may mataas na populasyon.

Ang ilan sa mga halimbawa ng urban agriculture ay ang paggamit ng recyclable materials, hydroponics, vertical gardening, edible landscaping at marami pang iba. Tulad na lamang ng mga tanim na fast crops o mga tanim na mabilis anihin sa loob ng isang buwan na inilagay ni Gng. Mary Grace P. Leidia, Agriculturist II, sa mga ni-recycle na PET bottles. Dagdag pa rito, upang lubusan na maggamit ang espasyo ng kanyang taniman, inayos niya ang kanyang mga tanim na nakalagay sa bote na nakahanay na patayo o mas kilala na vertical gardening.



Mary Grace Ledia



Sherylou Alfaro



Vira Jamolin

Marami ring naani mula sa itinanim na talong si Gng. Lucina Desnacido, admin personnel, sa kanyang bakuran at kaniya itong inaahin sa kanyang pamilya.

Tunay nga na kahit limitado sa espasyo ang inyong tahanan ay maaari ka pa rin makapagbigay ng mga masusustansyang pagkain para sa iyong pamilya. Mahalaga din na kumain ng masustansyang pagkain upang lumakas ang resistensya ng katawan. Kaya tayo nang magtanim!



Marites Cosico



Lizbeth David

NEWS

## MOCA FARM, PINAKA-UNANG ESP FITS CENTER SA REHIYON

Janine L. Cailo

**PADRE GARCIA, Batangas**- Pinangunahan ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON at MoCa Family Farm RLearning Center Inc. (MFRLCI) ang paglulunsad ng ika-58 na Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center at pinaka-unang Regional Extension Service Provider (ESP) FITS Center sa rehiyon.




Ang MFRLCI ay isa sa tatlong Regional ESP ng ATI CaLaBaRZon. Bilang ESP, ito ay naglalayon na maghatid ng serbisyong ekstensyon sa mga magsasaka, mag-aaral, at iba pa tulad ng pagsasagawa ng mga pagsasanay sa pagsasaka at pagpapakita ng mga makabagong pamamaraan ng pagsasaka sa pamamagitan ng mga technology demonstration.

Upang mapatibay ang pagpapaabot ng mga impormasyon at teknolohiya, pinirmahan ni Center Director Marites Piamonte – Cosico ng ATI-Rehiyon IVA at Gng. Gigi Pontejos – Morris, Farm School Director ng MFRLCI ang Memorandum of Agreement. Kasama sa paglulunsad sina Engr. Pablito Balantac, Batangas Provincial Agriculturist at Engr. Hazel Reyes, Municipal Agriculturist ng Padre Garcia, Batangas. Ginanap ang paglulunsad noong ika-26 ng Pebrero, 2020 sa MFRLCI, Brgy. Castillo, Padre Garcia, Batangas.

Ang FITS Center MFRLCI ay magbibigay ng serbisyo para sa mga magsasaka, mangingisda, mag-aaral at mga kliyente na nais matuto ng angkop at makabagong teknolohiya sa pagtatanim.

## ONLINE NA GABAY SA PRODUKSYON NG IBA'T IBANG GULAY

Jamila Monette B. Balmeo

Ang Agricultural Training Institute (ATI) Rehiyon IVA sa pamamagitan ng Information Services Section ay bumuo at gumawa ng 16 online na Information, Education and Communication (IEC) materials na may kinalaman sa gabay sa produksyon ng iba't ibang gulay. Ang unang walong gabay sa produksyon ay ang Co-Veg 30 mula sa orihinal na konsepto ni Mark Cervantes, 'FJ Farmerjon, Jhun Servano at Lyndon Arbes, Earl Hans'. Ito ay ang mga gulay na alugbati, letsugas, kulitis (spinach), kangkong, kamote tops, onion at pechay. Samantala, ang ikalawang batch naman ng IEC materials ay ang gabay sa produksyon ng mga madaling tumubo at lumaking halaman tulad ng ampalaya, kalabasa, mustasa, okra, repolyo, sitaw, snap beans at talong. Ang mga gabay na ito ay mainam na patnubay sa mga nais magsimulang magtanim. Nakapaloob dito ang mga paraan sa pagtatanim tulad ng paghahanda ng lupa, pagpupunla, pangangalaga at pamamahala hanggang sa pag-aani.

Ang mga gabay sa produksyon ay naka-post sa ATI CaLaBaRZon official Facebook page para sa mga nais magtanim lalo sa panahon ng Community Quarantine. May kabuuang 327,627 na bilang ang naabot na indibidwal ng post ng mga gabay ng produksyon sa ATI CaLaBaRZon official Facebook page mula Abril hanggang Hunyo. Ang mga gabay sa produksyon ay pinagsama-sama at nilimbag sa booklet ng ATI Central Office sa pamamagitan ng Information Services Division para ipamahagi sa ATI Regional Training Centers at iba pang mga kliyente.






LIVE SEMINARS

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
1898

# ATI@HOME SCHEDULE

aticalabarzon

# ATI@HOME 2020 LIVE SEMINARS

## JUNE

11 - EDIBLE LANDSCAPING

25 - VEGETABLE PROCESSING

## JULY

10, 24 - FREE RANGE CHICKEN PRODUCTION EPISODE 1 & 2

## AUGUST

14 - AQUAPONICS

28 - FISH PROCESSING

## SEPTEMBER

11, 25 - BIO-INTENSIVE GARDENING EPISODE 1 & 2

## OCTOBER

9, 23 - BASIC BEEKEEPING AND PROCESSING EPISODE 1 & 2

# ACCOMPLISHMENTS

January - June

**2020**

**Accomplishment**

(Extension Activities)

## Number of Trainings and other Activities




| Trainings | Number of Participants |
|---|---|
| Regular | 457 |
| HVCDP | 77 |
| Organic Agriculture | 25 |
| Rice | 62 |
| Corn | 27 |
| Other Extension Activities | 220 |
| RCEF | 600 |

Department of Agriculture

Agricultural Training Institute Region IV-A

8575 Camerino Street, Brgy. Lapidario Trece Martires City, Cavite

(046) 419 0210

www.ati.da.gov.ph/ati-4a

atirtc4a@gmail.com

www.facebook.com/ATICalabarzon

@aticalabarzon

@aticalabarzon